

# Sebuano Interferens: Panimulang Pag-aaral

MARIE JOY D. BANAWA

## Abstrak

*Maituturing na isa sa mga pangalawang wika ng mga Iliganon ang wikang Filipino. Sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalasatasan, hindi maitwasan ang pagpasok ng mga salitang Sebuano. Layunin ng panimulang pag-aaral na ito na alamin ang impluwensya ng Sebuano sa pagsasalita ng Filipino.*


## Introduksyon

Ang pagkakaroon ng barayti ng wika ay may kaugnayan sa pagkakawatak-watak ng mga pulo, na may kani-kaniyang mga wika at dayalekto. Ang mga Filipino ay maituturing na multilinggwal dahil mahigit sa isa o dalawang wika ang kanilang alam. Sa paggamit ng ibang wika maliban sa kaniyang katutubong wika, ang tao ay hindi maiwasang magkaroon ng ilang pagkakamali o linggwistikong interferens sa tono, pagbuo ng mga salita o grammar dahil nariyan ang impluwensya ng una o katutubong wika.

Sa pagsasalita ng ibang wika bukod sa wikang katutubo, hindi maiwasang maimpluwensyahan ang bago o pangalawang wika ng mga gawaing linggwistik ng unang wika. Nangyayari ito na wala sa kamalayan ng mga nagsasalita ng pangalawang wika. Dahil sa mga katotohanang ito, masasabing malayang nag-aambag ng mga fityur ng sariling wika sa linggwa franca ang mga nagsasalita nito (Paz, 1995).

Sebuano ang wikang ginagamit ng Cebu, bandang kanluran ng Leyte, mga bahagi ng Bukidnon, Cagayan de Oro, Agusan, Surigao, Iligan, Davao, Cotabato, at Zamboanga del Sur. Halos lahat ng mga syudad at probinsya ng Mindanao ay

---

 Si Marie Joy D. Banawa (Associate Professor V) ay kasalukuyang guro ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan, MSU-IIT.

gumagamit ng Sebuano ngunit bawat grupo ng mga taong gumagamit nito ay nakakabuo ng kanilang sarili at natatanging baryedad ng Sebuano. May kaibhan sa maraming pook ngunit bahagya lamang ito. Ang salitang Sebuano ay tumutukoy sa wikang laganap na gamit sa maraming pook ng Mindanao. Ito'y tinatawag ding Visaya, Bisayan at Binisaya.

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang impluwensya at epekto ng wikang Sebuano sa pagsasalita ng wikang Filipino. Pangunahing palagay (assumption) na ang wikang Filipino—ang pambansang wika, pambansang lingua franca at pangalawang wika ng mga nakatira sa Lunsod ng Iligan ay naimpluwensyahan ng wikang Sebuano. Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil magsisilbi itong panimulang pag-aaral sa pag-alam ng barayti ng wikang Filipino sa Lunsod ng Iligan.

Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay mga estudyante ng MSU-Iligan Institute of Technology na nasa unang taon sa kolehiyo, ngayong taon aralan, sa unang semester. Tinipon ang mga mag-aaral na binubuo ng mga Muslim na naninirahan sa Iligan; Iliganon (ipinanganak at lumaki sa Iligan); at mga estudyanteng naninirahan sa kalapit pook ng Iligan na ang katutubong wika ay Sebuano. Ang kabuuang bilang ay labinlima dahil bawat grupo ay may limang impormante. Ineksplika sa bawat isa ang layunin ng pag-aaral. Iba-iba ang naging paksa sa pag-uusap ng bawat grupo. Itineyp ang pagsasalita ng mga impormante at pagkatapos ito ay itinaranskrayb. Ang transkripsyon ng nakateyp ang naging basehan ng mga impormasyon para sa analisis ng interferens ng unang wika sa paggamit ng pangalawang wika. Ang pokus ay ang gamit ng salita, ekspresyon at affixation o paglalapi.

### **Batayan, Konsepto at Teorya**

Sa gitna ng pagkakaroon ng iba't ibang wika sa Pilipinas, kailangan ng isang wikang magbubuklod sa mga Filipino at ito ay ang wikang Filipino. Ang pagpili nito bilang pambansang wika ay nakabatay sa dalawang konstitusyon—ang 1973 Constitution, "Ang Batasang Pambansa ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagdebelop at pormal na pag-adap ng isang komon na wikang pambansa na kikilalaning Filipino." Ayon naman sa 1987 Constitution, "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinaang ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang wika." Ito ay ibinatay sa wikang Tagalog at iba't ibang mga wika sa Pilipinas kasama na ang impluwensya ng mga dayuhang wika. Ito ang pambansang lingua franca, ang wikang ginagamit sa buong Pilipinas bilang midyum ng interaksyon ng mga Pilipinong magkaiba ang katutubong wika. Bilang lingua franca, nadedebelop nang pasalita ang Filipino. Gayundin, isa itong pangalawang wika ng mga Pilipino sa dahilang may kani-kaniyang mga katutubong

unang wika ang bawat isa, gaya ng Ilokano, Sebuano, Hiligaynon, Pampango, Bikol, Tausug, Maranao, maging Tagalog. At dahil pasalita, malaki ang papel ng mga katutubong unang wika sa pagbuo at pag-unlad ng wikang ito.

Ang pagkakaroon ng mga barayti ay katangiang angkin ng isang wika. (Gleason:1968). Ito ay ang kontekstong sosyal ng pananalita at lugal na pinanggalingan ng mananalita. Ang kontekstong sosyal ay nagpapahiwatig ng pinagmulan at katayuan sa lipunan ng gumagamit ng wika. Ang geographical linguistics ay pag-aaral ng pagkakaiba-iba ng wika sa loob ng isang lugal na ang lahat ng naninirahan ay gumagamit ng parehong wika. Ang papel na ginagampanan ng mga barayti ng wika mula sa iisang wika sa pagkakaiba ng grupong sosyal at hanapbuhay ay nabanggit na. Ang paraan ng paggamit ng wika ay sinadyang kilos upang mailantad ang uri ng pagkatao. Ang sinadyang pagkabuo ng isang nararapat na dayalekto, kasama na rito ang leksikon, grammar at pagbigkas ay sariling gawa ng mga taong ibig iangat ang antas ng pagkatao at maiwasan ang pangungutya ng iba. Sinasabi rin ni Gleason (1968) na ang paggamit ng dayalekto bilang barayti ng isang wika ay dahil sa ilang panghihiram ng salita. Karaniwang leksikon ng isang partikular na wika ang hinihiram.

Sa sosyolinggwistika, tinatawag na interferens ang nangyayaring epekto ng unang wika sa pangalawang wika sa oras na ginamit ito, lalo nang pasalita. Hindi lamang sa aspektong leksikal (salita) kundi pati sa morpolohikal lalo na sa paggamit ng panlapi nagkakaroon ng interferensiya ang unang wika. Dahil dito, nagkakaroon din ng code switching o pagsasalitan ng estruktura ang katutubong wika (unang wika) at lingua franca. Ganito ang nangyayari sa Filipino kaugnay ng mga wika sa Pilipinas.

Karaniwan ang pagkakaroon ng linggwistik na pagbabagong nagaganap sa loob ng isang grupo o komunidad ng mga tagapagsalita o tinatawag na speech community. Ayon kay Weinreich, lahat ng paglilihis o pagbabago mula sa karaniwan ng alinmang lenggwahe ay maaaring tawaging interferens. Subalit malinaw naman na hindi lahat ng paglilipat mula sa isang lenggwahe patungo sa isang lenggwahe na nagreresulta ng di-tinatanggap na pagpasok ay tawaging interferens. Ang nagsasalita ay minsang nagpapalit para bigyang empasis ang kanyang sinasabi at dahil na rin sa kanyang pag-unawa/pag-intindi sa sitwasyong pangwika o speech situation na kanyang kinapapalooban. May mga awtor na gumagamit ng terminolohiyang transferens na ibig sabihin, mula sa ibang bagay, may malaking elemento sa pagkakagusto.

Ang konsepto ng interferens ay tumutukoy sa gamit ng pormal na elemento ng isang lenggwahe sa loob ng konteksto ng ibang lenggwahe—maging ponolohikal, morpolohikal, leksikal at elementong sintaktikal sa isang lenggwahe na maaaring ipaliwanag ang epekto ng ugnayan mula sa ibang lenggwahe. Tulad halimbawa sa isang taong bilinggwal, sa kanyang pakikipagtalastasan sa katulad na bilinggwal na magkatulad ang kanilang *linguistic background* ay malayang gumamit ng dalawang

lenggwaheng alam nila sa palagay na sa paggamit ng mga elemento ng dalawang lenggwahe ay lalong mapapabuti ang kanilang pakikipagtalastasan.

### Demograpiya ng Iligan

Kasaysayan ang nagsasabi, daan taon na ang nakalipas bago pa ang ekspedisyon ni Legazpi na nakarating sa Pilipinas noong 1565, ang mga Tala-andigs at ang mga Banwahon, dalawa sa kilalang tribu ng Higa-onon sa Mindanao, ay gumawa ng *ilihan o ilian*, na ibig sabihin "a fortress of defense" sa patag na baybayin upang ipagtanggol ang kanilang mga sarili sa paglusob o pag-atake ng mga pirata at mga barbarong tribu. Mula noon, ang lugal ay tinawag na Iligan.

Ang tanggulan ay matagal nang nawala, ang nanatili sa nakalipas ay ang mabuti, masigla at mainit na pagsasamahan ng mga tao. Ang pagsasama-sama ng kultura ng mga Kristiyano, Muslim at Higa-onon ang siyang bumuo ng isang komunidad na mapayapa at tahimik. Ang isa sa kilalang-kilalang palatandaan sa Iligan ay ang Talon Maria Cristina.

Ang Lunsod ng Iligan ay estratehikong matatagpuan sa baybayin ng hilagang bahagi ng Mindanao na nakaharap sa Iligan Bay. Ang hangganan nito ay ang mga lalawigan ng Bukidnon, Misamis Oriental, Lanao del Sur, Lanao del Norte at ng Cagayan de Oro. (Tingnan ang mapa sa apendiks.)

Sebuano ang pangunahing lokal na dayalekto na binubuo ng 87.58%. Sinusundan ng Maranao na may 5.90%, Tagalog, Hiligaynon, Samar-Leyte, Ilokano at iba pang mga wika na bumubuo ng 6.52%. Malinaw na karamihan sa mga naninirahan sa Iligan ay mga Sebuano. (Tingnan ang istadistika sa Apendiks.) Masasabi rin na ang wikang Filipino ay ginagamit lamang sa mga paaralan at sa mga tanggapan.

### Paglalahad ng mga Datos

Tatlong elemento lang ang binigyang-pansin sa pag-aaral ng interferens ng katutubong wika na Sebuano sa pagsasalita ng wikang Filipino bilang pangalawang wika. Ang binigyang-pansin ay ang mga (A) leksikon lamang na binubuo ng a.) salitang-ugat b.) asimilasyon c.) alterasyon; (B) paglalapi at (C) ekspresyon.

#### A. Pagpasok ng mga salitang Sebuano

1. Dunay lumalampas sa boundary.  
Dunay molapas sa boundary:
2. Ang mga kabataan ngayon ay murag nagmamadali.

- Ang mga batan-on karon kay murag gadali.
3. Depende sa sitwasyon, kailangang tan-awong mabuti.  
Depende sa sitwasyon, kinahanglan nga tan-awon ug ayu.
  4. Mas nindot ang IIT kaysa ibang school.  
Mas nindot ang IIT kaysa ubang iskwelahan.
  5. Naay malaking kaibahan sa private school at sa public school.  
Naay dakong kalainan sa private school ug public school.

Ang salitang Sebuano ng leksikong salitang-ugat ay *nindot* na ibig sabihin sa Filipino ay *maganda*. Ang salitang Sebuano may leksikong asimilasyon at alterasyon ay ang mga salitang *dunay* (duna may) na nangangahulugang *meron*; ang salitang *murag* (mura ug) na nangangahulugang *parang*; *tan-awong* (tan-awon ug) para sa *meron naman*.

Mapapansin na ang pagpasok ng salitang Sebuano sa pagsasalita ng wikang Filipino ay mga pang-abay, pandiwa, at pang-uri.

#### B. Paglalapi:

1. Kailangang magbantay ang mga kabataan.  
Kinahanglan magbantay ang mga batan-on.
2. Hindi pwedeng magpili ng kurso.  
Dili pwedeng magpili ug kurso.
3. Maagang mag-inom ng mga hard liquor.  
Sayo moinom ug mga hard liquor.
4. Mag-study nang mabuti para mag-unlad ang sarili.  
Magtuon ug ayu para mouswag ang kaugalingon.
5. Magbasa palagi ng mga aklat.  
Magbasa kanunay ug mga libro.

Katangian ng wikang Sebuano ang di pag-uulit ng unang pantig ng salita di gaya ng Tagalog, at ang hindi paggamit ng panlaping *um* at sa halip ay mag-

## C. Ekspresyon

1. kanang (kana ang)	iyang ang
2. katong (kadto ang)	iyon ang
3. lagi	oo nga
4. bitaw	talaga
5. kuan	ano ba
6. unya	mamaya; pagkatapos
7. dili	hindi
8. ba	ba
9. pud	gayon din; ganon din
10. intawon	kawawa ka naman nakakaawa ka naman

Sa pag-uusap, kapag hindi kaagad pumapasok ang tamang salita na gustong sabihin o di kaya ay nag-iisip pa ng tamang salitang gagamitin pumapasok ang mga ekspresyon para mapanatili ang pag-uusap. Minsan sa pag-uusap sa Filipino ito ay kumakatawan sa salitang kuan o kuwan.

**Konklusyon**

Napatunayan sa ginawang pag-aaral na ang mga impormanteng Maranao na ipinanganak at lumaki sa Iligan kahit ang etnikong grupong kinabibilangan at ang unang wika ay Maranao, sa kanilang pagsasalita na gamit ang wikang Filipino, ang lumalabas na interferens ay ang wikang Sebuano at hindi ang wikang Maranao. Ang rason marahil nito ay lumaki sila sa paligid na kung saan karamihan ay nagsasalita ng wikang Sebuano kaya ayaw nilang gamitin ang kanilang unang wika at marahil din naging mulat sila sa katotohanan na ang kanilang unang wikang Maranao ay sinasalita lamang ng minoridad dito sa Iligan. Nababatay ang kaso na ito sa teorya ng akomodasyon (accommodation theory) ni Howard Giles, ang *linguistic convergence* at *linguistic divergence*. Ang mga ito'y teorya sa SLA o Second Language Acquisition o pagkatuto/pag-aaral ng pangalawang wika. Nakapokus ito sa mga taong kasangkot sa sitwasyong pangwika. Ipinapaliwanag dito na sa interaksyon ng mga tao, nagkakaroon ng tendensiya na gumaya o bumagay sa pagsasalita ng kausap para bigyan-halaga ang pakikiisa, pakikilahok, pakikipagpalagayang-loob, pakikisama, o kaya'y pagmamalaki sa pagiging kabilang sa grupo (convergence). Pero kung minsan, pilit namang iibahin ang pananalita sa kausap para ipakita o ipahayag ang pagiging iba o naiiba, di-pakikiisa. O kaya'y lalong paggigiit sa sariling kakayahan at identidad (divergence). Mahalaga ang mga teoryang ito sa pag-aaral ng barayti ng

wikang Filipino lalo na iyong may kaugnayan sa atityud sa paggamit ng inaakalang “mas mataas” na barayti kompara sa “mas mababa” depende sa istatus ng kanilang unang wika sa lipunan.

Ang pagkakamali sa gamit ng wika (lapses) ang sanhi ng paglitaw ng mga barayti. Palagian at napakaraming pagbabagong nagaganap sa mga wika na agad makikilala ang pagkabuo ng isang bagong barayti. Hindi lang magkaiba ang wika kundi ang pagkakaiba-iba sa loob ng mga wika na kilala bilang mga dayalekto at ang istilo ng pananalita ay nagbibigay patunay na may malawak na larangan ng pagkakaiba-iba. Kapag patuloy ang pagbabago ng isang wika, ang bilis ng pagbabago ay di-magkatulad. Mapapansin natin na ang pasalitang wika ay mas madaling magbago kaysa wikang pasulat.

Kapag pinag-aralan ang pagbabago sa wika, dapat nating isaalang-alang hindi lamang ang pagbabago sa gamit kundi pati rin sa pagtanggap dito. Batid ng isang taong nakarinig nang di-nauunawaang salita na may nabuong suliranin at maaring humingi siya ng paliwanag o kaya’y hindi na magtangkang alamin pa ang kahulugan nito. Kaya nararapat lamang na malaman ang barayti ng wika na ginagamit sa nasabing lugal. Ang pag-aaral na ito ay panimulang pag-aaral lamang upang alamin ang barayti ng Filipino na ginagamit sa Lunsod ng Iligan.

### Bibliograpiya

- Beardsmore, Hugo B. 1982. **Bilingualism: Basic Principles**. London: Heinemann Educational Books Limited.
- Beebe, Leslie and Howard Giles. 1984. “Accomodation Theory: A Discussion in Terms of Second Language Acquisition.” Nasa **International Journal of the Sociology of Language**. Vol. 46.
- Bonvillain, Nancy. 1993. **Language, Culture and Communication**. New Jersey: Englewood Cliffs.
- Edwards, A.D. 1979. **Language in Culture and Class**. London: Heinemann Educational Books Limited.
- Edwards, John. 1994. **Multilingualism**. London: Routledge.
- Ellis, Rod. 1997. **Second Language Acquisition**. New York: Oxford University Press.

Giolioli, Pier Paolo. 1972. **Language and Social Context**. Great Britain: Cox and Wyman Limited.

Paz, Consuelo J. 1995. **Ang Wikang Filipino: Atin Ito**. Sentro ng Wikang Filipino. Sistemang UP, Diliman, Quezon City.

Peregrino, Jovy M., Pamela C. Constantino at Nilo S. Ocampo., Mga Editor. 2002. **Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino**. University of the Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.

National Statistics Office. 1998. **Household Population by Mother Tongue 1990 & 1995**. Iligan City.

Iligan City Tourism Office. 2001. **Brochure of Iligan City**.



**Apendiks A. Mga Impormante**

## Unang Grupo: Mga Iliganon

1. Zoe Faye Marie G. Subang, 17 taon gulang, BPE  
Sebuano  
Mahayahay, Iligan City
2. Annaliza P. Tajala, 18 taon gulang, AB-Sociology  
Sebuano  
Bara-as, Iligan City
3. Clenio Martin F. Dumlao Jr., 17 taon gulang, AB-History  
Sebuano/Tagalog  
Sto. Rosario, Iligan City
4. Miles O. Baclayon, 18 taon gulang, BPE  
Sebuano  
Pala-o, Iligan City
5. Cyrelle Jun S. Alcuizar, 18 taon gulang, BSE-Math  
Sebuano  
Bara-as, Iligan City

## Pangalawang Grupo: Mga Muslim na ipinanganak at lumaki sa Iligan.

1. Zinab P. Bangkero, 17 taon gulang, AB-Filipino  
Maranao  
Brgy. Santiago, Iligan City
2. Normalia B. Mocamad, 17 taon gulang, AB-Political Science  
Maranao  
Brgy. Cabaro, Iligan City
3. Jamael Nigandang, 18 taon gulang, AB-Sociology  
Maranao  
Brgy. Cabaro, Iligan City
4. Al-Ryn M. Sayadi, 17 taon gulang, AB-History  
Tausug

Brgy. Poblacion, Iligan City

5. Absamen M. Mautante, 18 taon gulang, AB-Filipino  
Maranao  
Tambacan, Iligan City

Ikatlong Grupo: Nakatira sa karatig pook ng Lunsod ng Iligan

1. Britta de la Victoria, 18 taon gulang, BEED  
Sebuano  
Lugait, Misamis Oriental
2. Jaycille Venturez, 19 taon gulang, BSIED  
Sebuano  
Kauswagan, Lanao del Norte
3. Friezel Hazel S. Yee, 17 taon gulang, BSE-Physics  
Sebuano  
Linamon, Lanao del Norte
4. Miraflor G. Abilay, 18 taon gulang, BPE  
Sebuano  
Naawan, Misamis Oriental
5. Ma. Corazon E. Maslog, 17 taon gulang, BEED  
Sebuano  
Kolambugan, Lanao del Norte



